JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Ihsuktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

**5**

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 3
## Pagbigay ng maaaring Solusyon sa Naobserbahang Suliranin at Pagtukoy ng Paniniwala ng May- Akda



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**BumuosaPagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Russel H. Mutia, Charry O. Madrimot
**Editor:**
**Tagasuri:** Araceli L. Medija, Annabelle Pasko
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto,EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbigay solusyon sa isang **naobserbahang suliranin at pagtukoy sa paniniwala ng may akda** ng teksto sa isang isyu.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakapagbibigay solusyon sa isang naobserbahang suliranin **(F5PS-Ive-9).**
- Natutukoy ang paniniwala ng may akda ng teksto sa isang isyu **(F5PB-Ivb-26).**



# Balikan

Basahin ang debate na pinamagatang " Ang Palaaral at Di-Palaaral, Yaman ng bansa?"

| |
|---|
| Palaaral:<br>Alam naming kami ay nagdudulot ng kasiyahan sa guro, magulang, lipunan, pamayanan at bansa. Dahil sa aming pagsusunog kilay naabot namin ang kaalamang minimithi ng bawat isa. Kami iyong madalas nasa loob ng silid-aralin. Kami iyong kapag tinanong ng guro ay bumubukal sa isipan ang kasagutan.<br>Kami rin ang taga sunod sa panahon dahil madaling makakuha ng hanapbuhay. At Naku! Kabilang kami sa tagapag-paunlad ng bansa! Kayo |

ganun din ba?

Di-Palaaral:

Oo, kabilang din kami sa tagapagpaunlad ng bansa. Bagama't mahina ang aming ulo, laging uwi ay itlog, kalabasa at palakol sa magulang namin. Naku! Tingnan ninyo pagdating ng panahon. Yayaman din kami, di ba? Paano? Kahit sa panahong di nakakakuha ng mataas na marka at Biyernes Santo ang mukha kung kulilat sa mga aralin. Isipin din ninyo ang aming kabutihan. Pakisuriin nga ninyo bagama't kami ay natataguriang "Physically fit but Mentally absent", mayroon kaming natatagong talino na magpapaunlad ng sarili, tahanan, pamayanan at bansa. Alam ba ninyo, mahina ang ulo namin ngunit may lakas at natatagong galing kami na kung minsan ito ang kailangan din naman, di ba?

*Source: Filipino 5 Learner's Material Week 5*

Sagutin kung anong uri ng pangungusap (Patanong, Padamdam, Pasalaysay, Pautos, Pakiusap) ang sumusunod.

1. Alam naming kami ay nagdudulot ng kasiyahan sa guro, magulang, lipunan, pamayanan at bansa.

2. At Naku! Kabilang kami sa tagapag-paunlad ng bansa!

3. Oo, kabilang din kami sa tagapagpaunlad ng bansa.

4. Yayaman din kami, di ba?

5. Alam ba ninyo, mahina ang ulo namin ngunit may lakas at natatagong galing kami na kung minsan ito ang kailangan din naman, di ba?



# Tuklasin

Minsan mo na bang maranasan magkaroon ng suliranin sa buhay? Paano mo ito nakayanan? Anu-ano ang mga ginawa mo upang lutasin ang mga ito? Ngayon, basahin mo ang isang kuwento. Tukuyin mo ang suliranin nito at tulungan mo sila paano lulutasin ang problema nila!

**Gawain A**

Kaligtasan Ng Mga Nangangailangan

Ang pagtulong sa kapwa ay nagiging ugali na ni Jacinta. Bawat pulubing lumapit sa kaniyang nililimusan. Madalas inimbitahan niya ang

mga batang mahihirap na makipaglaro sa kaniya.


Si Jacinta ay madasalin. Tuwing araw ng linggo siya at nagsisimba. Pagkatapos, namimigay siya ng mga laruan, damit at pera sa hanay ng mga pulubi. Napamahal si Jacinta sa kaniyang mga kababayan.

Nakaugalian na ng mga tao na dalawin si Jacinta kung araw ng Pasko. Kakatok sila sa pintuan ng kaniyang tahanan at sila'y masayang patutuluyin at hahainan ng sari-saring pagkain.

Isang araw ng Pasko, sa kanilang pagtataka walang sumasagot sa kanilang pagkatok. Umakyat ang mga tao sa kabahayan at laking gulat nila nang makitang nakahandusay sa sahig at wala ng buhay si Jacinta. Nalungkot at nag-iyakan ang mga tao sa sinapit ng kanilang idolong si Jacinta.

*Sanggunian: Hiyas sa Pagbasa 4, pahina 21*

1. Ano ang naging suliranin ng mga tauhan sa kuwento? Isulat ang sagot sa bilog.
2. Anong solusyon ang maibibigay mo sa maraming pulubi? Isulat ang mga sagot sa mga parisukat.




**Gawain B**

Panuto: Kumpletuhin ang concept cluster na ito sa pamamagitan ng mga ideyang inyong naiisip na kaugnay ng salitang nasa gitna.





# Suriin

Alam mo ba? Sa buhay ng isang tao ay hindi nawawala ang problema. Bawat tao ay may iba't-ibang kinakaharap na problema. Maaring ito ay problema sa kawalan ng pera, pagkakasakit, relasyon sa pamilya, kahirapan sa trabaho at marami pang iba. Subali't lahat ng problema ay may solusyon. Kailangan mo lang maging mahinahon, matatag at mananalig sa Diyos.



# Pagyamanin

**Gawain A**

Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon. Batay sa babasahing teksto.

**Ang Batang Si Pule**

Mahirap ang mga magulang ni Apolinario Mabini kaya hindi nila kayang paaralin sa Maynila ang anak nila. Matalino naman si Pule, ang palayaw nila kay Apolinario Mabini.

Ngunit sadyang nais ni Pule na matuto. Pumasok siyang utusan sa isang mayaman sa Maynila. Naglingkod din siya bilang isang klerk upang makapagpatuloy ng pag-aaral.

Dahil sa mga gawaing-bahay, malimit siyang mahuli sa kaniyang klase. Maaga siyang gumigising sapagka't nagluluto pa siya ng almusal, naghahain at nagliligpit ng hapagkainan ng kaniyang pinaglilingkuran.

Walang pambili si Pule ng aklat kaya nakikibasa na lang siya. Kinokopya niya sa aklat ang mahalagang bagay na dapat pag-aralan nang masinsinan.

Gayunpaman, palaging mataas ang marka ni Pule. Kaya hinangaan siya ng kaniyang mga guro at kamag-aaral.

*Sanggunian: Hiyas sa Pagbasa 4, pahina 66*

A. Nakikibasa siya at kinokopya ang mga mahahalagang bagay na dapat pag-aralan.

B. Gumigising siya ng maaga para magampanan ang kaniyang mga Gawain bago pumasok.

C. Pumasok siya bilang utusan sa isang mayaman sa Maynila.

| PROBLEMA | | SOLUSYON |
|---|---|---|
| 1.Mahirap ang mga magulang ni Pule kaya hindi siya kaya nitong pag-aralin. | → | |
| 2. Malimit na nahuhuli si Pule sa kaniyang klase dahil sa mga gawaing bahay. | → | |
| 3.Walang pambiling aklat si Pule. | → | |

**Gawain B**

Basahin nang tahimik at sagutin ang mga tanong.

Pista sa Aming Bayan

Masayang-masaya ang lahat. Araw ng pista ngayon sa aming bayan. Maraming tao ang nagsimba. Masigla at masaya ang kalembang ng kampana sa simbahan. Hindi magkamayaw sa ingay ng pagbabatian at pagbabalitaan ang mga taga rito, mga balikbayan, at mga panauhin mula sa ibang bayan.

Walang tigil ang masipag na banda ng musika sa paglibot sa mga lansangan habang nagbibigay ng masiglang tugtugin. Umaambag rin sa sigla at saya ang malakas na bunghalit ng mga tugtugin sa mga perya at tindahan at maging sa mga tahanan man.

Nagpapagaraan sa ganda ang mga arko sa mga panukulan ng mga kalye. May mga arkong kawayan na may makukulay na ginupit-gupit na papel. Ang mga banderitas na may iba't-ibang kulay ay nakagayak sa mga hayag na lansangan at maging sa maliit na kalye man.

Naku higit sa lahat kabi-kabila ang handaan. May mga naglilitson doon at dito. Malaking talyasan ng pagkain ang nakasalang sa kalan sa mga kusina at sa mga bakuran. Mula tanghalian hanggang hapunan ay pagsasalu-saluhan ang mga inihandang pagkain ng mga magkakamag-anak, magkakaibigan, at mga panauhin. Kainang hindi matapus-tapos. Ganyan ang pista. Nakakalungkot tuloy isipin na ang pista ay tila kainan na lamang at nawawala na ang diwang ispiritwal ng okasyon.

E, bakit nga ba may pista? Hindi ba't nagdudulot lamang ito ng malaking gastos? Hindi ba't malaking pag-aabala ito? Pero sadyang hindi na

maiaalis sa kulturang Pilipino ang pagpapista at pamimista. Ito'y isang kaugliang minana pa natin sa ating mga ninuno.

Ang pista ay araw ng pasasalamat sa Poong Maykapal sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa mga tao. Ito ay araw ng pagdakila, pagpupuri at pagpaparangal sa Panginoon. Kadalasan, ang pistang-bayan ay itinatapat sa kaarawan ng patron ng bayan, gaya ng pista ng Meycuayan sa ipinagdiriwang sa kaarawan ng patron nito na si San Francisco de Asis, pista ng Santa Clara sa kaarawan ng mahal na Birhen de Salambao, pista ng Obando sa kaarawan ni San Pascual de Baylon, pista ng Malolos sa kaarawan ng birhen Immaculada Concepcion, at iba pa.

*Source: Filipino 5 Learner's Material 5 Week 2*

1. Ano ang pista?
2. Bakit may pista?
3. Ilarawan ang pagdiriwang ng pista sa tekstong binasa.
4. Sang-ayon ka ba na ipagpatuloy ang tradisyon ng pagdaraos ng pista? Ipaliwanag.
5. Bakit sinasabing ang pista ay isang pamanang kalinangan ng ating mga ninuno?
6. Batay sa binasang teksto, anong isyu ang napakaloob dito?
7. Sa isyung nakapaloob sa teksto, ano sa tingin mo ang paniniwala ng may akda nito tungkol sa isyung ito?



# Isaisip

Sa ating paglalakbay dito sa mundong ibabaw, di maiiwasan na makadadanas ang bawat- isa ng mga suliranin. Lahat ng nararanasang problema malaki man o maliit ay pinahihintulutan ng Poong Maykapal upang tayo'y subukin at lalo pang manalig sa kanya. Ngunit walang ibibigay ang Dios na suliranin na di malalampasan ng tao. Lahat ng suliranin ay may solusyon. Hindi lamang paiiralin ang damdamin bagkus ang isip rin upang makahanap ng tamang kasagutan sa mga problema. Maaring lumapit sa Diyos at manampalataya at sa mga kapamilya at kaibigan upang mabigyan ng tulong.



# Tayahin

A. Piliin ang tamang sagot:

1. Ano ang maging solusyon sa problemang ito. **Kawalan ng maayos na tirahan para sa mga batang nakatira sa lungsod**.
   A) Alagaan at patitirahin sa bahay ampunan.
   B) Pagtabuyin ang mga kabataan na nagmamalimos.
   C) Dalhin sa probinsiya ang mga batang kalye.
   D) Ikukulong ang mga batang lansangan.
2. **Mabilis na pagkalat ng *Corona Virus Disease* sa bansa**. Ano ang dapat gawin upang malutas ang prolemang ito.
   A) palaging maligo sa tubig ulan
   B) maglalaro sa maruming lugar
   C) huwag maniwala na may *COVID 19*
   D) sundin ang *Health Protocol* na ibinigay ng *DOH*.
3. Ano naman ang solusyon nito sa **Kawalan ng sapat ng pagkain?**
   A) palaging humingi ng abuloy mula sa pamahalaan
   B) bigyan ng edukasyon sa kahalagahan ng pagtatanim At maging masipag sa paggawa nito.
   C) iaasa ng mamamayan sa pamahalaan at lahat ng pangangailangan.
   D)Kakain lamang ng isang beses sa loob ng isang araw .
4. Isa sa mga suliranin ngayon ang kahirapan ng modular class. Ano ang dapat gagawin ?
   A) wala munang klase na gagawin sa taong ito
   B) kopyahin ang mga sagot na nakasulat sa susi ng pagwawasto
   C) mga magulang ang sasagot habang naglalaro ang mga anak
   D) gawing payak ang mga gawain sa modyul na nababatay sa MELCs
5. Ano ang solusyon sa pagkaadik ng mga kabataan sa computer?
   A) ipasara ang mga internet café
   B) dakpin at ikukulong ang mga kabataang naglalaro ng computer
   C) subaybayan at palaging bigyan ng paalala ang mga anak kung ano ang mabuti at di mabuti sa palaging pag computer
   D) pabayaan ang mga kabataan sa paglalaro ng computer hanggang kalian na gusto nila.

B. Basahin at piliin ang tamang sagot.

Huwarang Pamilyang Pilipino

Kinilala ng ating pamahalaan ang pamilyang Pilipino bilang batayang yunit ng komunidad. Kapag ang isang pamilya ay maayos at maunlad, higit na magiging kapaki-pakinabang ang bawat miyembro nito bilang mamamayan. Mahalagang salik ang pamilya upang umunlad ang buong bansa.

Ngunit sa katotohanan, maraming pamilyang Pilipino pa rin ang kapos sa mga batayang pangangailangan tulad ng pagkain , malinis na tubig, maayos na tirahan, serbisyong pankalusugan, edukasyon, at iba pa. Kung kaya, sa halip na sila ay makatutulong sa pagpapaunlad ng komunidad nagiging problema at pasanin pa sila ng pamahalaan. Maraming pamilyang Pilipino pa rin ang naghihirap.

Bilang solusyon sa problemang ito at maalalayan ang mahihirap na pamilyang Pilipino, inilunsad ng pamahalaan ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) noong 2008. Ito ang itinuturing na pinakamalaking programa ng pamahalaan upang labanan ang kahirapan at maisulong ang kaunlarang panlipunan, ang bilang ng pamllyang kasama sa programa ay nadadaragan ng 54 porsiyento taon-taon. Noong Setyembre 2012, umabot na sa 3.04 milyong pamilya ang benipisyado o tumatanggap ng pakinabang nito.

Ang 4Ps ay lokal na bersiyon ng programang *conditional cash transfer* na unang inilunsad sa Mexio na tinatawag na *Oportunidades*. Sa bansang Brazil, kilala naman ito sa tawag na *Bolsa Familia*.

Sa ilalim ng 4Ps, ang bawat miyembro ng napiling mahirap na pamilya ay binibigyan ng Php 500 bawat buwan bilang panustos sa kanilang pangangailangan sa kalusugan at nutrisyon. Ang bawat anak naman, na hanggang tatlong anak lamang, ay tumatanggap ng Php 3 000 bawat taon sa paaralan. Bilang kapalit ng tulong pinansyal na ito, ang mga babaeng nagdadalang tao ay kailangan regular na magpatingin sa manggaggamot hanggang manganak. Kinikilala rin taon-taon ang pamilyang matagumapay na nakasunod sa alituntunin ng 4Ps isa sa mga pamilyang kinilala ng programa ay ang Pamilya Cuevas ng San Roque, Navotas. Ang pamilya ay naging benipisyado ng programa noong Disyembre 2008.

Maituturing na huwaran ang Pamilya Cuevas dahil sa kabila ng kararampot na kita ng mag-asawa, nagagawa nilang masuportahan ang mahahalagang pangangailangan ng kanilang pamilya. Aktibo rin silang mamamayan sa mga gawain sa komunidad at sa pagtupad sa mga alituntunin ng programa. Naitatanim din nila sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng edukasyon. Ipinamalas pa rin ng mag-asawang Cuevas ang kasipagan sa kabila ng kanilang pagiging benepisyo ng 4Ps.

Kung ang bawat mamamayan ay masipag, di malayong makamit ng bansa ang tunay na pag-unlad.

*Sanggunian: Filipino5- Alab Filipino ph. 176-177*

1. Naniniwala ang pamahalaan na kapag ang isang pamilya ay maayos at maunlad

   A. higit na magiging kapaki-pakinabang ang bawat miyembro nito bilang mamamayan.

   B. dadami ang titira at magiging magulo ang isang pamayanan

   C. maraming pakakainin ang pamahalaan.

   D. nakaragdag ng suliranin sa bansa natin

2. Pinaniniwalaan din na ang 4Ps

   A. nagpapatamad sa mga miembro ng pamilya

   B. lalong dumami ang mga walang trabaho

   C. nadagdagan ang utang ng pamahalaan sa ibang bansa

   D. mapag labanan ang kahirapan at maisulong ang kaunlarang Panlipunan

3. Sinabing kung ang bawat mamamayan ay masipag

   A. di makakatulong sa iba sarili lang ang tinitingnan

   B. malayo sa sakit ang pangangatawan ng mga tao

   C. di malayong makamit ng bansa ang tunay na pag-unlad

   D. walang panahon na makipagkaibigan palaging nagtatrabaho

4. Naging Huwarang pamilya ang mag-asawang Cuevas dahil sa

   A) kabila ng kararampot na kita nagagawa nilang masuportahan ang mahahalagang pangangailangan ng pamilya

   B) pinabayaan ang mga anak na sumama sa mga kaibigan habang nagtatrabaho ang mag-asawa

   C) palaging dumadalo sa mga pulong ng Barangay

   D) naging bukas palad sa mga tumutulong din sa kanila

5. Itinanim sa utak ng mga anak ang pagiging masipag sa pag-aaral kaya

   A) naging mayabang sila

   B) nangingibang bansa

   C) nakapagtapos sa pag-aaral

   D) maagang nag-aasawa



# Karagdagang Gawain

Ibigay ang magiging solusyon ng sumusunod na mga problema:

1. kawalan na mga puno sa bundok
2. kahirapan sa buhay na dulot ng COVID i9
3. nagkakalat na mga plastik na basura

# Sanggunian


Department of Education. *Filipino 5 learners' guide*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Filipino 5 teachers' guide*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies Filipino 5*. Philippines: Department of Education, 2020.

# Susi ng Pagwawasto

Karagdagang Gawain

( Magka-iba-iba ang sagot)

Balikan

1. Pagsalaysay
2.Padamdam
3.Pasalaysay
4. Patanong
5. Patanong

Pagyamanin

Gawin A

1. C
2. B
3. A

Gawain B

( Magkaiba-iba ang sagot

Tayahin

| A | B |
|---|---|
| 1. A | 1.A |
| 2. D | 2. D |
| 3. B | 3. C |
| 4. D | 4. A |
| 5. C | 5. C |

Tuklasin

Gawain A

( magkaiba-iba ang sagot)

Gawain B

( magkaiba-iba ang sagot)